
Point
PVN
VIEWER
Publishing

The Word of God





by: Bro. Ernie Acayan

PAHINA 7

ISSN : 2704 - 4270 | VOL. VIII | ISSUE NO. 45 | JUNE 08 - 14, 2026 | ₱15.00

Mahigit 1-M Grade 11 students hirap sa reading comprehension P3



P2


# LACSON: MAY ALTERNATIBONG PARAAN PARA MAKADALO ANG MGA SENATOR-JUDGES SA IMPEACHMENT TRIAL NI VP SARA



Ginebra isang panalo na lamang para makapasok sa finals matapos talunin ang Rain or Shine 111-104 PAGE 8

## Filipino heritage, kakatawanin ang makasaysayang NBA Finals matchup

BASAHIN SA PAHINA 8



## PRO11, naisilbi na ang order para sa pagbawi ng gun license ni Sen. Bato

BASAHIN SA PAHINA 3





## Eala, Mboko nag-withdraw sa doubles event ng 2026 French Open

BASAHIN SA PAHINA 8

## Senators, batid ang kahihinatnan sakaling mapatunayang tinulungan si dela Rosa na makatakas

BASAHIN SA PAHINA 2



## Cardinal David, pinuna ang panawagan ni Sen. Imee sa remote participation

BASAHIN SA PAHINA 2

## UFC octagon ring sinimulan ng itayo sa White House

BASAHIN SA PAHINA 8



## Messi out na sa MLS dahil sa injury scare bago pa man ang World Cup

BASAHIN SA PAHINA 8



## Boston head coach Joe Mazzulla tinanghal bilang 2025-26 NBA Coach of the Year

BASAHIN SA PAHINA 8

Negosyante at media exec Elmer Catulpos, idineklara bilang bagong kinatawan ng 1Tahanan Party-list PAGE 3

# Lacson, bumuwelta kay Cayetano kaugnay sa pagbabago sa Senate Rules




Bumuwelta si Senador Panfilo "Ping" Lacson kay Senate President Alan Peter Cayetano kaugnay ng usapin sa pagbabago ng Senate rules.

Sa isang pahayag, binigyang-diin ni Lacson na walang mali sa pagdedebate sa mga panukalang pagbabago. Ang mali aniya ay ang pagbalewala sa sariling patakaran at parliamentary procedures ng Mataas na Kapulungan sa pamamagitan ng pagpigil sa mga debate para lamang mapabilis ang pag-adopt sa mosyong nai-refer na sa Committee on Rules.

Ito ang naging tugon ni Lacson matapos tanungin ni Cayetano sa kaniyang Facebook livestream kung masama bang pag-usapan ang pagbabago sa patakaran ng Senado. Nilinaw din dito ng Senate President na hindi pa pinagbobotohan ang mismong pag-amyenda sa Senate rules na magpapahintulot sa teleconferencing o online voting.

Paliwanag niya, ang naging botohan noong nakaraang sesyon ay patungkol lamang sa mosyon kung dapat bang talakayin sa plenaryo ang nasabing panukala.

Sa isang hiwalay na panayam, iginiit ni Lacson na bagamat maaaring amyendahan ang mga patakaran, dapat pa ring sundin ang tamang proseso. Kuwestiyon niya, tila nais ng mayorya na baguhin ang rules sa pamamagitan ng "fastbreak-style."Ayon sa senador, taliwas ito sa sistema ng Senado dahil sa ilalim ng Section 24 ng Senate Rules, ang mga komite ang may mandato na magtalakay, magpasya, at magpasa ng ulat ukol sa mga usaping inilapit sa kanila.

"Pwedeng amyendahan pero sundan natin ang procedure. Gusto niya amyendahan pero fastbreak… Kaya nga may committee system. Ang Kongreso di maka-function without committees," paliwanag pa ng senador.





# Mike Defensor, itinangging may kapalit ang donasyon kay Sen. Marcoleta

Mariing itinanggi ni dating AnaKalusugan Rep. Mike Defensor na humingi o tumanggap siya ng anumang pabor kapalit ng donasyong ibinigay niya sa kampanya ni Senador Rodante Marcoleta noong 2025 midterm elections.

Ayon kay Defensor, hindi maaaring ituring na plunder ang naturang campaign donation dahil wala umano itong kaugnayan sa paglustay ng pondo ng gobyerno o anumang kapalit na pabor.

"'Yun yung campaign donation na dinismiss na ng Comelec. Ang plunder, kailangan ng pondo ng gobyerno, ninakaw natin, o 'di kaya may ibinigay na pera pagkatapos may kapalit. Eh wala namang kapalit, wala namang hininigi," ani Defensor.

Nahaharap sina Marcoleta, Defensor, at dalawa pang iba sa reklamong plunder at indirect bribery na isinampa ng mga prosecutor ng Office of the Ombudsman kaugnay ng umano'y pagtanggap ng P75 million campaign donation.

Noong Martes, naglabas naman ang Sandiganbayan Seventh Division ng precautionary hold departure order laban sa mga respondent upang pigilan silang makaalis ng bansa habang dinidinig ang kaso.

# Cardinal David, pinuna ang panawagan ni Sen. Imee sa remote participation

Inalmahan ni Kalookan Bishop Cardinal Pablo Virgilio David ang pahayag ni Senador Imee Marcos na tumutuligsa sa mga tutol sa remote participation o online attendance sa mga sesyon ng Senado.

Una nang sinabi ni Senador Marcos na "disenfranchisement ng voters" umano ang hindi pagpapahintulot sa ilang senador na makalahok sa pamamagitan ng online voting o remote participation.

"Ilang milyong tao ang naghalal sa kanila. Mababalewala 'yon if they are not allowed to participate sa Senado," ani Marcos.

Ngunit sa isang social media post nitong Biyernes, Mayo 29, iginiit ni Cardinal David na mas dapat umanong pagtuunan ng pansin ang mga botanteng nagluklok kay Senador Ronald "Bato" dela Rosa, na umano'y anim na buwan nang hindi dumadalo nang personal sa mga sesyon ng Senado habang patuloy na tumatanggap ng suweldo mula sa gobyerno.

"Bakit 'di siya umattend physically? Bakit siya a-attend online? May sakit ba siya? Ah, ok, baka arestuhin siya?" ani Cardinal David.

Dagdag pa niya, tila dapat na ring repasuhin ang kahulugan ng "force majeure" sa mga patakaran ng Senado kung pagbabasehan ang mga ganitong sitwasyon.

Kinuwestiyon din ng cardinal ang pangamba umano ni Dela Rosa sa posibilidad ng pag-aresto, sa kabila ng mga pahayag ni Senate President Alan Peter Cayetano na walang umiiral na balidong warrant of arrest laban sa senador.

"Di ba't binigyan pa nga siya ng special protective custody na nauwi pa sa putukan porke't 'under attack' daw ang Senado?" dagdag pa ni David.

Binalikan din niya ang mga pangyayaring nagbigay-daan sa pagbibigay umano ng escort kay Dela Rosa papasok at palabas ng Senado sa gitna ng mga pagbabago sa mayorya ng kapulungan.

Samantala, maaalalang nag-walkout ang Senate minority bloc noong Martes, Mayo 26, bilang protesta sa umano'y pagtatangkang madaliin ang mga pagbabago sa mga patakaran ng Senado habang may mga senador pang nais magpahayag ng kanilang mga saloobin sa plenaryo.





# Senators, batid ang kahihinatnan sakaling mapatunayang tinulungan si dela Rosa na makatakas

Nagbabala si Philippine National Police (PNP) Chief General Melencio Nartatez Jr. sa mga senador hinggil sa mga legal na kahihinatnan sakaling mapatunayang tinutulungan nila si Senador Ronald "Bato" dela Rosa na magtago sa batas.

Ito ang naging pahayag ng pinuno ng pambansang pulisya nang tanungin kung ano ang magiging aksyon ng PNP kung mapatunayang may mga mambabatas na kumukupkop o tumutulong kay Dela Rosa para makaiwas sa mga awtoridad.

Nang tiyakin kung ang tinutukoy niyang mga mambabatas ay ang mga kasamahan ni Dela Rosa sa Majority Bloc, sumagot ng "oo" ang hepe.

Idinagdag niya na ipinasa na nila ang mga resulta ng imbestigasyon sa Department of Justice (DOJ) para sa pagsusuri ng mga piskal, habang ang PNP naman ang nangangalap ng mga karagdagang ebidensya.

Matatandaang naghain na ng reklamong obstruction of justice ang PNP-Criminal Investigation and Detection Group (PNP-CIDG) laban kay Senador Robin Padilla at limang iba pang indibidwal. Ito ay kaugnay ng umano'y pagtakas ni Dela Rosa mula sa gusali ng Senado noong madaling araw ng Mayo 14.

Ayon pa sa CIDG, hindi malayong madagdagan ang mga pangalang madadamay sa kaso depende sa lalabas na resulta ng kanilang patuloy na imbestigasyon.

# Ischemic heart disease, nangunguna paring cause of death sa PH noong 2025

Nananatiling pangunahing sanhi ng pagkamatay sa Pilipinas noong 2025 ang ischemic heart diseases, ayon sa inilabas na provisional report ng Philippine Statistics Authority (PSA).

Batay sa ulat ng PSA na inilabas ngayong linggo, umabot sa 111,896 ang naitalang kaso ng mga namamatay dahil sa ischemic heart diseases mula Enero hanggang Nobyembre 2025, na katumbas ng 19.7% ng kabuuang bilang ng mga namamatay sa bansa.Ayon sa United States National Institutes of Health (NIH), ang ischemic heart disease ay kondisyon kung saan hindi sapat ang suplay ng dugo sa kalamnan ng puso, na nagdudulot ng kakulangan sa oxygen.Kadalasan itong sanhi ng pag-ipon ng fatty plaques sa coronary arteries na bumabara sa daluyan ng dugo. Pumangalawa sa listahan ang neoplasms na may 64,864 na pagkamatay o 11.4%. Ayon pa sa NIH, ito ay tumutukoy sa abnormal na pagdami ng selula na nagreresulta sa bukol o tumor kapag hindi namamatay ang mga selula sa tamang oras.Nasa ikatlong puwesto naman ang cerebrovascular diseases na may 55,756 kaso o 9.8% ng kabuuang namamatay. Ayon sa American Association of Neurological Surgeons, kabilang dito ang stroke, stenosis sa iba't ibang ugat sa utak, aneurysm, at vascular malformations.

Ayon sa PSA, nananatiling pareho ang top 3 causes of death kumpara noong 2024 sa kaparehong panahon.Samantala, pumang-apat naman ang pneumonia na may 38,607 kaso (6.8%), habang panglima ang diabetes mellitus na may 34,611 pagkamatay (6.1%).Ayon sa World Health Organization (WHO), ang pneumonia ay isang acute respiratory infection na dulot ng virus o bacteria, habang ang diabetes mellitus ay isang chronic metabolic disease na may mataas na antas ng blood sugar.Nilinaw ng PSA na ang datos ay sumasaklaw lamang sa mga pagkamatay sa Pilipinas mula Enero hanggang Nobyembre 2025 batay sa mga ulat na na-proseso hanggang Marso 31, 2026, at maaari pang mabago ang kanilang datos na ilalabas naman sa Enero 2027.


Point VIEWER Publishing

*LEMUEL D. JUNIO*
Publisher

*DARYL JETT M. ALVAREZ*
Editor-in-Chief

*JOEL A. CANTOR*
Assistant

*DEMILYN JOYCE M. ALVAREZ*
Layout Artist

PVN POINT VIEWER PUBLISHING is published weekly, Monday, and circulated in the Philippines and office is located at No. 59 K - I Street corner K - 7 Street, Barangay East Kamias, Quezon City, Metro Manila, Philippines. The newspaper's advocacy is to promote "accountability, good governance, justice, rule of law, transparency, truth, good ethics and positive values and priciples" in the private and public sectors!



PAPI
Publishers Association of the Philippines, Inc.

DISCLAIMER

READERS, BUYERS & SELLER and PROSPECTIVE JOB APPLICANTS are hereby advised to make necessary inquiries before getting into binding agreement in relation to an advertisement in PVN POINT VIEWER PUBLISHING.

PVN POINT VIEWER PUBLISHING shall not be held liable for any loss or incurred through any advertisement published in the said ads paper.



INFORMATION

**Contact Number**
+63 921 561 0398 / +63 948 841 7993 / 8281-5802
**Website**
www.pvnpvp.com
**Email Address**
pvnpointviewerpublishing@yahoo.com
pvnpointviewerpublishing@gmail.com



ADVERTISING RATE

**Commercial/Display:** P200.00/column Centimeter
**Classified/Legal Notice:** P160.00/column Centimeter

# Lacson: May alternatibong paraan para makadalo ang mga senator-judges sa impeachment trial ni VP Sara



Iminungkahi ni Senador Panfilo "Ping" Lacson na may alternatibong paraan upang makalahok ang mga senador na nahaharap sa posibleng pag-aresto o pagkakakulong sa impeachment trial ni Vice President Sara Duterte, nang hindi kinakailangang gumamit ng online participation.

Ayon kay Lacson, maaari umanong humingi ang Impeachment Court ng pahintulot o "leave of court" mula sa Sandiganbayan o iba pang korte kung saan nakabinbin ang kaso ng mga apektadong senador.

Kapag ito ay pinayagan, maaari silang dalhin sa Senado sa pamamagitan ng Bureau of Jail Management and Penology upang makadalo nang personal sa paglilitis. Giit niya, hindi pinapayagan sa kasalukuyang Senate Rules ang online participation at voting maliban na lamang kung may matinding kalamidad, force majeure, o national emergency. Binigyang-diin din ni Lacson na ang impeachment trial ay isang espesyal na hukuman sa Senado na itinakda ng Konstitusyon, kaya kinakailangan ang pisikal na presensya ng mga senator-judges.Nagbabala rin siya na ang online participation ay maaaring maging delikado sa mga nagtatago o pinaghahanap ng awtoridad, dahil maaaring ma-track ang kanilang lokasyon sa pamamagitan ng kanilang internet connection, tulad ng IP address.Sa kaso ni Senador Ronald "Bato" dela Rosa, sinabi ni Lacson na maaaring magamit ng mga law enforcement ang online attendance upang matukoy ang kanyang kinaroroonan kung siya ay magla-log in sa sesyon gamit ang laptop o mobile device.

Si Dela Rosa ay nahaharap sa arrest warrant mula sa International Criminal Court (ICC) kaugnay ng war on drugs ng administrasyong Duterte, habang ang ilang senador ay nahaharap din sa iba't ibang kaso ng graft at plunder na may kaugnayan sa flood control scandal at campaign donations.

# PRO11, naisilbi na ang order para sa pagbawi ng gun license ni Sen. Bato



Naisilbi na ng Police Regional Office 11 (PRO 11) ang order na nagbabawi sa lisensiya ng mga baril ni Sen. Ronald Dela Rosa.

Naisilbi ang naturang dokumento kay Atty. Vicente Adrian Pajaro, ang legal representative ni Sen. Dela Rosa.

Ayon sa PNP-Regional Civil Security Unit 11 (RCSU 11), pinangunahan ng Davao City Police Office ang pagsisilbi ng Order of Revocation para sa License to Own and Possess Firearms (LTOPF) at Firearms Registrations (FR) ng nagtatagong senador.

Ayon kay Davao Region Director PBGen. Leon Victor Z. Rosete, unang nagsagawa ng coordination ang regional office sa local police para sa maayos na pagsisilbi ng revocation order. Naging maayos din aniya ang pagtanggap ni Atty. Pajaro sa naturang order at nangako siyang kakausapin niya ang kaniyang kliyente para rito.

Nangako rin ang abogado na muli itong makikipag-ugnayan sa law enforcement agencies para sa mga baril ng dating Philippine National Police chief.Balitang Pilipinas

Sa ngayon, wala pang impormasyon kung naibalik na sa PNP ang mga baril ng senador na tinatayang aabot sa mahigit 100 piraso na binubuo ng shotgun, rifle, handgun, at iba pa.

# 2 Narra tree sa Quirino Avenue, inilipat sa hidden garden sa Taft

Hindi bababa sa dalawang puno ng Narra mula Quirino Avenue ang inilipat patungong Hidden Garden sa Taft Avenue gamit ang tinatawag na earthballing process, bilang bahagi ng paghahanda para sa Southern Access Link Expressway (SALEX) project.

Ang earthballing ay proseso kung saan hinuhukay ang puno kasama ang buong ugat upang mailipat sa ibang lugar.

Target ng Department of Environment and Natural Resources (DENR) na mailipat ang mahigit 90 puno sa iba't ibang bahagi ng Maynila.

Ayon kay Arturo Calderon ng DENR-NCR, may malaking tsansa na mabuhay ang mga inilipat na puno kung tama ang proseso at maayos ang pangangalaga, kabilang ang regular na pagdidilig at paggamit ng rooting hormones.

Gayunman, hindi lahat ng puno ay maaaring mailigtas. Ayon sa DENR, 16 sa mga puno sa lugar ay patay na, habang humigit-kumulang 500 pa ang may malalang sira.

May ilan ding puno na kailangang putulin dahil delikado na, kabilang ang isang nabubulok na puno na nakabalot na sa poste ng kuryente.

Ipinaliwanag ni forester Joel Rosal na ang ilang puno ay hindi na rin ligtas ilipat dahil sa pagkabulok at mababang tsansa ng survival kung itransplant.

May ilang residente at vendors naman ang nadismaya sa pagputol ng mga puno dahil nawalan sila ng lilim sa lugar.

Ayon sa DENR, kung hindi man mailipat ang ilang puno, papalitan ito ng panibagong pagtatanim sa ibang lugar. Gayunman, binigyang-diin ng mga eksperto na may epekto pa rin sa kapaligiran ang pagputol ng mga puno, lalo na sa mga lugar na prone sa pagbaha tulad ng Quirino Avenue.



# Mahigit 1-M Grade 11 students hirap sa reading comprehension

Mahigit isang milyong Grade 11 students sa buong bansa ang nahihirapang unawain ang kanilang binabasa, ayon sa report ng Second Congressional Commission on Education (EDCOM 2).Mga Aklat at Literatura

Napag-alaman na lumabas sa isinagawang Senior High School literacy assessment ng Department of Education (DepEd) noong Marso 2026 na 1.3 milyon sa 1.4 milyong Grade 11 students ang may problema sa reading comprehension. Ayon kay Simoun Antonio Salinas ng EDCOM 2, tanging 12% lamang ng mga mag-aaral sa Grade 11 ang maituturing na "independent learners" o 'yung mga kayang lubos na umunawa sa kanilang binabasa.

Sa naturang bilang, halos anim sa bawat sampung estudyante ang nasa "frustration level," ang pinakamababang antas ng literacy kung saan halos hindi na nila nauunawaan ang binabasa.

Samantala, halos tatlo sa bawat sampung mag-aaral naman ang nasa "instructional level," na nangangailangan pa ng gabay mula sa guro upang maunawaan ang teksto ng kanilang binabasa.

Sinisi naman ng ACT Teachers Party-list ang umano'y sistematikong problema sa educational system, partikular ang polisiya ng mass promotion sa mga estudyante.

Dagdag pa niya, tila umano may pressure sa iba't ibang antas ng sistema upang maipasa ang mga estudyante kahit hindi pa handa.Edukasyon

Hindi lamang Grade 11 students ang apektado ng problema. Ayon pa sa EDCOM 2, nasa 40% ng mga mag-aaral sa lahat ng grade levels ang hirap pa rin sa reading comprehension.

Samantala, sinabi ni Education Secretary Sonny Angara na tututukan ng DepEd ang pagpapalakas ng teacher training upang mas mapaigting ang pag-unawa ng mga estudyante at hindi lamang sa memorization.



# Dating DBM Sec. Amenah Pangandaman, pinakakasuhan sa Ombudsman

Nahaharap sa mga reklamong kriminal at administratibo ang dating kalihim ng Department of Budget and Management (DBM) na si Amenah Pangandaman kaugnay ng umano'y iligal na paglilipat ng bilyun-bilyong pisong pondo mula sa PhilHealth at Philippine Deposit Insurance Corporation (PDIC) patungo sa National Treasury.

Ang reklamo ay inihain ni Dr. Tony Leachon sa Office of the Ombudsman laban kay Pangandaman para sa umano'y technical malversation, graft, at iba pang administratibong paglabag.

Nakasaad sa reklamo na dapat umanong isama si Pangandaman bilang respondent dahil sa umano'y papel nito sa pag-apruba at pagpapatupad ng mga hakbang kaugnay ng kontrobersyal na paglilipat ng pondo habang siya pa ang kalihim ng DBM.

Kabilang sa tinutukoy sa reklamo ang paglilipat ng P60 billion sobrang pondo ng Philippine Health Insurance Corporation (PhilHealth) at P107 billion pondo ng PDIC sa pambansang kaban ng bayan.

Sinabi rin sa reklamo na bahagi umano si Pangandaman ng "concerted and coordinated governmental action" sa implementasyon ng fund transfer mechanism na ngayon ay kinukuwestiyon.

Samantala, wala pang opisyal na pahayag si Pangandaman hinggil sa mga alegasyon.

Noong Disyembre ng nakaraang taon, ipinag-utos ng Korte Suprema sa pamahalaan na ibalik ang P60 billion sobrang pondo ng PhilHealth sa pamamagitan ng 2026 General Appropriations Act (GAA).

Sa desisyon ng Supreme Court En Banc, idineklarang unconstitutional at walang bisa ang ilang probisyon ng 2024 GAA at ang kaugnay na Finance Circular na naging basehan ng paglilipat ng pondo, dahil umano sa grave abuse of discretion.

Nauna nang nagsampa si Leachon ng reklamo laban sa iba pang opisyal ng gobyerno, kabilang sina dating Finance Secretary Ralph Recto, dating Budget Secretary Rolando Toledo, at ilang opisyal ng PhilHealth at PDIC kaugnay ng parehong isyu.

Batay sa record, umabot sa P89.9 billion ang target na ilipat mula sa PhilHealth funds, ngunit P60 billion lamang ang aktuwal na nailipat bago pigilan ng Korte Suprema.

# Negosyante at media exec Elmer Catulpos, idineklara bilang bagong kinatawan ng 1Tahanan Party-list

Idineklara na bilang bagong kinatawan ng 1Tahanan Party-list ang negosyante at media executive na si Elmer Catulpos.

Si Catulpos ang humalili kay dating Rep. Nathaniel Oducado matapos magbitiw sa pwesto dahil sa isyu sa kalusugan. Nauna na ring nilinaw ni Oducado na walang kinalaman ang kaniyang pagbibitiw sa kaniyang pagboto sa impeachment ni Vice President Sara Duterte. Kasama rin ni Oducado si Franz Legazpi, na nagbitiw naman bilang kinatawan ng Pinoy Workers Party-list. Ayon kay Comission on Elections (Comelec) chairperson George Garcia, ang pag-assume ni Catulpos sa pwesto ay kasunod din ng pagbibitiw ng ikalawa at ikatlong nominees ng partido.

Una rito, nagsilbi si Catulpos bilang presidente ng General Santos City Chamber of Commerce at naglingkod sa Philippine Red Cross and Rotary International.



# Free Legal Assistance Group, handang tumulong sa inisyatiba ng Truth Commission

Nagpahayag ang Free Legal Assistance Group (FLAG) ng kahandaang tumulong sa bagong-tatag na Truth and Reconciliation Commission, isang independent body na magdodokumento sa mga patayan at karahasang nangyari sa panahong inilunsad ni dating Pang. Rodrigo Duterte ang madugong kampaniya laban sa iligal na droga.

Sa opisyal na pahayag na inilabas ng grupo, nakasaad dito ang kanilang pagsuporta sa mahalagang trabaho ng bagong komisyon, at ang pangangailangan para mabalikan at maidokumento ang mga nangyari sa naturang panahon.

Ayon sa grupo na binubuo ng mga batikang abogado, ang pagkalas ng Pilipinas mula sa Rome Statute ay tuluyang nagpahina sa saklaw at kapangyarihan ng International Criminal Court sa mga sitwasyong nangyari sa Pilipinas na maituturing bilang karumal-dumal.

Marami sa mga namatay sa huling yugto ng Duterte Administration ay hindi na umano naimbestigahan dahil hindi na miyembro ang Pilipinas sa naturang tribunal noong panahong iyon.

Dahil dito, kailangan ang isang Truth Commission para siyasatin ang mga naturang patayan dahil marami sa mga ito ang nabaon na sa limot, walang pangalan, hindi naidokumento, at basta na lamang pinabayaan.

Kampante ang FLAG na mabibigyan ng Truth Commission ng boses at espasyo ang pamilya ng mga biktima ng madugong drug war – bagay na hindi nangyari sa mga nakalipas na taon.

Nagpahayag din ang grupo ng matibay na paninindigan kasama ang mga survivor, pamilya ng mga biktima, at mga testigo na hanggang sa ngayon ay binabalikat pa rin ang pagkawala ng kanilang mga kaanak.

Kung babalikan ang mga naunang pahayag ng ilang human rights groups, umaabot hanggang 30,000 indibidwal ang nasawi sa kontrobersiyal na drug war ngunit batay sa datos ng United Nations, aabot lamang ito sa 18,000 indibidwal.

Gayunpaman, batay sa report ng Philippine National Police, mahigit 6,000 indibidwal lamang ang mga napatay sa naturang kampaniya

---

**Republic of the Philippines**
**National Capital Judicial Region**
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**Regional Trial Court of Manila**
**rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph**
0991-958-7864

**BDO UNIBANK, INC.,**
Mortgagee,

**Foreclosure No. 26-5037**

-versus-

**SPS. ROBERTO GUANLAO ANGELES**
**AND IRENE ESPELETA ANGELES,**
Debtors/Mortgagors,
x---------------------------------x

## NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on April 27, 2026, against the mortgagors **SPS. ROBERTO GUANLAO ANGELES AND IRENE ESPELETA ANGELES,** with postal addresses at (1) Saint Raphael Street, Libjo Lamao, Batangas City 4200; and (2) Unit 7F-16, Building I-Q75, Urban Deca Homes Manila, Vitas Street, Tondo, Manila 1013 to satisfy the mortgage indebtedness which, as of April 20, 2026, amounts to PESOS: **THREE MILLION TWO HUNDRED FORTY-NINE THOUSAND THREE HUNDRED THIRTEEN and 07/100 (Php3,249,313.07)**[1] pursuant to the Uniform Loan and Mortgage Agreement (Real Estate)[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff of the Regional Trial Court of Manila, through her deputy, Sheriff RHEYCEL O. LOYOLA, will sell at public auction on **June 30, 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for cash or manager's check and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, more particularly described as follows:

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2025006278**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

| | | |
|---|---|---|
| BUILDING | : | BUILDING I-Q75 |
| UNIT NO. | : | 7F-16 |
| DESCRIPTION OF UNIT | : | 2BR-A |
| AREA (IN SQ.M.) | : | 32.17 |

OF THE "URBAN DECA HOMES MANILA" CONDOMINIUM PROJECT

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2011000147; 2011000148 which embraces and describes the land located at VITAS ST., TONDO, MANILA with an area of (29,997.00 & 11,052) Square Meter, is registered in the name of:

**Owner: SPOUSES ROBERTO GUANLAO ANGELES & IRENE ESPELETA ANGELES, BOTH OF LEGAL AGE, FILIPINO CITIZENS**
**Address:** SAINT RAFHAEL ST., LIBJO LAMAO BATANGAS CITY

All sealed bids must be submitted to the undersigned on the above-stated time and date.

In the event the public auction should not take place on the said date, it shall be held on **July 15, 2026** without further notice.

City of Manila, Philippines, May 21, 2026.

**(SIGNED)**
**SHAIRA A. QUERUBIN**
Acting Clerk of Court[3] & Ex-Officio Sheriff

**(SIGNED)**
**RHEYCEL O. LOYOLA**
Sheriff-in-Charge

Copy furnished:

**BDO UNIBANK, INC.**
33rd Floor, BDO Corporate Center Ortigas, No. 12 ADB Avenue, Mandaluyong City

**ROBERTO GUANLAO ANGELES**
**IRENE ESPELETA ANGELES**
(1) Saint Raphael Street, Libjo Lamao, Batangas City 4200
(2) Unit 7F-16, Building I-Q75, Urban Deca Homes Manila, Vitas Street, Tondo, Manila 1013

**NOTE/S:**

Failure to attend at the auction sale, despite proper notice, shall be construed as a waiver. Accordingly, the auction sale shall be held as scheduled.

The mortgagee is required to submit an updated Statement of Account before the auction sale.

**WARNING:**

It is absolutely prohibited to remove, destroy or deface this Notice of Extra-Judicial Sale on or before the date of sale, under the penalty of law.

**Publication: PVN Point Viewer Publishing**
**Dates: June 01, 08 & 15, 2026**

---

**ERRATUM**

Notice is hereby given that the Extra Judicial Foreclosure of Real Estate Mortgage Under Act 3135, as Amended by Act 4118 filed by BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (successor-in-interest of BPI FAMILY SAVINGS BANK, INC.), against LEONARDO MONTON ESTOJERO, JR. A.K.A. LEONARDO ESTOJERO, JR., A.K.A. LEONARDO M. ESTOJERO, JR., and the NOTICE OF SHERIFF'S SALE rendered by RTC PASIG CITY was published on PVN Point Viewer Publishing on its issue on May 11, 18 & 25, 2026 that in the CONTAINING AN AREA OF 29.0 SQUARE METERS OR LESS should be CONTAINING AN AREA OF 29.0 SQUARE METERS MORE OR LESS.

Our sincere apology,

**PVN Point Viewer Publishing**
**June 08, 2026**




# Mahigit P6.4-M halaga ng hinihinalang ilegal na droga, nasabat sa Mail Exchange Center sa Pasay

Nasabat ng mga awtoridad ang limang abandonadong inbound parcels na naglalaman ng hinihinalang ilegal na droga sa Central Mail Exchange Center (CMEC) sa Pasay City.

Ayon sa Philippine National Police (PNP), isinagawa ang interdiction operation noong Mayo 26, 2026 sa pakikipagtulungan ng iba't ibang ahensya ng gobyerno kabilang ang Bureau of Customs (BOC) at Philippine Drug Enforcement Agency (PDEA).

Natukoy umano ang mga kahina-hinalang parcel sa isinagawang routine X-ray screening bago isinailalim sa masusing manual examination at K-9 inspection.

Sa isinagawang inspeksyon, nadiskubre ng mga awtoridad ang iba't ibang uri ng hinihinalang ilegal na droga na itinago sa loob ng mga de-latang produkto, kahon, at iba pang packages.

Kabilang sa mga nasabat ang hinihinalang methylenedioxymethamphetamine (MDMA) o Ecstasy, marijuana kush, cocaine, ketamine, Ecstasy tablets, at iba pang hindi pa matukoy na substance na may tinatayang street value na aabot sa P6.4 milyon.

Ayon sa ulat, nagmula umano ang mga parcel sa Canada at France at nakapangalan sa ilang indibidwal sa Pampanga at Cagayan de Oro. Gayunpaman, iniwan o hindi na ito inangkin ng mga recipient.

Ang mga nakuhang hinihinalang ilegal na droga ay isinailalim na sa kustodiya ng PDEA para sa kaukulang laboratory examination at legal disposition.

# SC, muling ipagpapatuloy ang pagdinig sa petisyong kumukuwestyon sa national budget

Muling itinakda ng Supreme Court ang pagdinig sa ilang mga petisyon na kumukuwestyon sa pambansang pondo.Batay sa impormasyong inilabas ng SC, nakatakda ang Oral Argument sa June 2, June 9, at June 16, 2026.

Gaganapin ito, alas- 9:30 ng umaga sa En Banc Session Hall at Division Hearing Room ng SC sa Padre Faura, Maynila.Tatalakayin sa oral arguments ang mga pinagsama-samang petisyon na inihain nina dating Albay Representative Edcel Lagman, dating Senate President Aquilino Pimentel III, at dating House Speaker Pantaleon Alvarez.Kasama rin dito ang petisyon na inihain ng grupong Filipinos for Peace, Justice and Progress Movement Inc., gayundin ang petisyon nina dating Representative Edgar Erice at Rep. Leila de Lima. Unang nagsagawa ng oral arguments ang SC sa mga naturang petisyon noong April 2026.Hiling ng mga petitioner na ipawalang-bisa ang mga pagbabago at mga isiningit sa pambansang pondo sa ilalim ng bicameral conference committee o kilala ngayon bilang 'ammendments and insertion."



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
NATIONAL CAPITAL JUDICIAL REGION
**OFFICE OF THE CLERK OF COURT**
**REGIONAL TRIAL COURT OF MANILA**
rtc1mnlocc@judiciary.gov.ph
0991-958-7864

**BANK OF THE PHILIPPINE ISLANDS (SUCCESSOR-IN-INTEREST OF ROBINSONS BANK CORPORATION)**
Petitioner-Mortgagee-Creditor,

**FORECLOSURE NO. 26-5045**

-versus-

**SPOUSES CECILE DEL ROSARIO SALANDA AND RICARDO JR. VERDIDA SALANDA,**
Respondents-Mortgagors-Borrowers-Debtors.
xx-----------------------------------------------------------xx

**NOTICE OF EXTRA-JUDICIAL SALE**

Upon extra-judicial petition for sale under Act 3135, as amended by Act 4118, filed on April 30, 2026, against the mortgagors, **SPOUSES CECILE DEL ROSARIO SALANDA AND RICARDO JR. VERDIDA SALANDA,** with residence postal address/es at: Lot 28, Durian St., Dividend Homes San Juan, Taytay, Rizal and Unit 3810, 38th Floor, and Parking Slot 510, 5th Floor, University Tower-P. Noval 839/845 P. Noval Street, Brgy. 397, Sampaloc District, Manila, to satisfy the mortgage indebtedness which, as of April 17, 2026, amounts to PESOS: **ELEVEN MILLION EIGHT HUNDRED FORTY THREE THOUSAND EIGHT HUNDRED EIGHTY NINE and 06/100 (Php11,843,889.06)[1],** pursuant to the REAL ESTATE MORTGAGE[2], the undersigned Acting Clerk of Court & Ex-Officio Sheriff, Regional Trial Court, Manila, through her deputy, Sheriff FLORENTINO T. DABBAY, will sell at public auction on **22 June 2026** at 10:00 o'clock in the morning or soon thereafter but not later than 2:00 o'clock in the afternoon, in front of the Office of the Clerk of Court, Regional Trial Court, Manila, Room 400, 4th Floor, Manila City Hall, to the highest bidder, for cash or manager's check and in Philippine Currency, the following property/ies with all its improvements, more particularly described as follows:

**REPUBLIC OF THE PHILIPPINES**
DEPARTMENT OF JUSTICE
**Land Registration Authority**
QUEZON CITY
**Registry of Deeds for City of Manila**

**Condominium Certificate of Title**
**No. 002-2021003923**
**(Republic Act No. 4726)**

IT IS HEREBY CERTIFIED that the unit identified and described as:

| | | |
|---|---|---|
| UNIT NO. | : | 3810 |
| LOCATION | : | 38TH FLOOR |
| UNIT DESCRIPTION | : | RESIDENTIAL |
| FLOOR AREA (IN SQ. MTRS.) | : | 59 SQUARE METERS, MORE OR LESS |
| PROJECT | : | UNIVERSITY TOWER – P. NOVAL |

in the diagrammatic floor plan appended to the enabling or master deed of the condominium project annotated on TRANSFER CERTIFICATE OF TITLE 2010000404; 288815 which embraces and describes the land located at 839/845 P. NOVAL STREET, SAMPALOC, MANILA with an area of (617.50, & 617.50) Square Meter, is registered in the name of:

